Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V -BICOL

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. V
RECEIVED
015606
By: Date: 11/2/22

24 Oktubre 2022

**MEMORANDUM PANREHIYON**
Blg. 136, s. 2022

**GABAY SA PAGPAPAIGTING NG IMPLEMENTASYON SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO SA OPISYAL NA KORESPONDENSIYA (ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 335)**

Sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Tagamasid CID at SGOD
Pinuno ng mga Paaralan

1. Alinsunod sa Atas Tagapagpaganap Blg. 335, Serye 1988 na nag-aatas sa mga ahensiya ng pamahalaan na gamitin ang wikang Filipino bilang opisyal na wika ng komunikasyon, transaksiyon at korespondensiya sa serbisyo publiko, isinusulong ng Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon V ang pagpapaigting ng implementasyon sa paggamit ng wikang Filipino sa opisyal na korespondensiya (Atas Tagapagpaganap Blg. 335). Ito ay pagtalima rin sa itinadhana ng 1987 Konstitusyon, **Artikulo XIV Seksiyon 7,** na nagsasaad na para sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at hangga't walang ibang itinatadhana ang batas, Ingles.

2. Layunin nito na maiangat at mapalawig ang paggamit ng wikang Filipino sa lalong ikabubuti ng serbisyo ng kagawaran/tanggapan. Gayunpaman, hindi nililimita o pinipigilan nito ang paggamit ng iba pang wika.

4. Upang maayos at mabisang maisakatuparan ang Atas Tagapagpaganap Blg. 335 sa bawat tanggapan, ang kalakip na Gabay ay nagtatakda ng pamamaraan sa pagsasagawa at pagsubaybay nito.

5. Ang gastusin at iba pa kaugnay na gawain sa pagpapaigting ng implementasyon ay manggagaling sa pondong lokal at iba pang pondo na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

6. Para sa inyong kaalaman, patnubay, at pagtalima.

**GILBERT T. SADSAD**
Panrehiyong Direktor

*Kalakip: gaya ng nasasaad*

*CLMD:LWK/LSP*
*10/24/2022*

Rawis, Lungsod Legazpi
0917 178 1288
region5@deped.gov.ph

**TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG SORSOGON**

11 Nobyembre 2022

Sa: Mga Kinauukulan

Para sa inyong kabatiran at gabay.

**JOSE L. DONCILLO, CESO V**
Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V -BICOL

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. V
RELEASED
015606
By: M Date: 11/2/22

24 Oktubre 2022

**MEMORANDUM PANREHIYON**
Blg. 136, s. 2022

**GABAY SA PAGPAPAIGTING NG IMPLEMENTASYON SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO SA OPISYAL NA KORESPONDENSIYA (ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 335)**

Sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Tagamasid CID at SGOD
Pinuno ng mga Paaralan

1. Alinsunod sa Atas Tagapagpaganap Blg. 335, Serye 1988 na nag-aatas sa mga ahensiya ng pamahalaan na gamitin ang wikang Filipino bilang opisyal na wika ng komunikasyon, transaksiyon at korespondensiya sa serbisyo publiko, isinusulong ng Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon V ang pagpapaigting ng implementasyon sa paggamit ng wikang Filipino sa opisyal na korespondensiya (Atas Tagapagpaganap Blg. 335). Ito ay pagtalima rin sa itinadhana ng 1987 Konstitusyon, **Artikulo XIV Seksiyon 7,** na nagsasaad na para sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at hangga't walang ibang itinatadhana ang batas, Ingles.

2. Layunin nito na maiangat at mapalawig ang paggamit ng wikang Filipino sa lalong ikabubuti ng serbisyo ng kagawaran/tanggapan. Gayunpaman, hindi nalilimita o pinipigilan nito ang paggamit ng iba pang wika.

4. Upang maayos at mabisang maisakatuparan ang Atas Tagapagpaganap Blg. 335 sa bawat tanggapan, ang kalakip na Gabay ay nagtatakda ng pamamaraan sa pagsasagawa at pagsubaybay nito.

5. Ang gastusin at iba pa kaugnay na gawain sa pagpapaigting ng implementasyon ay manggagaling sa pondong lokal at iba pang pondo na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

6. Para sa inyong kaalaman, patnubay, at pagtalima.

**GILBERT T. SADSAD**
Panrehiyong Direktor

*Kalakip:gaya ng nasasaad*

*CLMD:LWK/LSP*
*10/24/2022*

Rawis, Lungsod Legazpi
0917 178 1288
region5@deped.gov.ph

*Kalakip sa Memorandum Panrehiyon Blg. 134 s. 2022*

# GABAY SA PAGPAPAIGTING NG IMPLEMENTASYON SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO SA KORESPONDENSIYA OPISYAL (ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 335)

## I. Rasyonal

Pangunahing karapatan ng isang mamamayan ang makakuha ng impormasyon sa pamamagitan ng kaniyang wikang sinasalita. Bilang isang institusyong pang-edukasyon, ang Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon V ay maigting na naghahatid ng serbisyong maaasahan gamit ang Filipino bilang wika ng serbisyo publiko.

Ang paggamit ng Filipino bilang wika ng serbisyo publiko ay pagsasakatuparan din sa nakasaad sa 1987 Konstitusyon, Artikulo XIV Seksiyon 6, na nagsasaad na "ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino at habang ito ay nalilinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa batay sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at iba pang wika". Dahil dito, nagsasagawa ng mga hakbangin ang pamahalaan upang puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon.

Kaugnay nito, lalong pinalakas ang adhikaing maingat at mapalakas ang paggamit ng Filipino sa pagpapalabas ng Atas Tagapagpanap Blg 335 Serye 1988 na nagtatagubilin sa lahat ng tanggapan ng pamahalaan ng pagsasagawa ng mga kailangang hakbang para sa tiyak na paggamit ng Filipino sa lahat ng opisyal na transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya.

Sa pamamagitan ng mga nabanggit, ang Gabay na ito ay binuo upang maitaguyod at maisakatuparan nang maayos ang pagpapaigting ng implementasyon sa paggamit ng Filipino sa korespondensiya opisyal (EO 335).

Sa ganitong tunguhin, inaasahang ito ay malaking tulong upang lubos na malinang ang kakayahan at kahusayan ng mga kawani, opisyal at kaguruan sa pagpapalawig ng paggamit ng wikang Filipino tungo sa pagpapahusay ng serbisyo publiko.

## II. LAYUNIN

Nilalayon ng programang ito na mapaigting ang implementasyon ng EO 335 o Atas Tagapagpaganap Blg. 335 s.1988 sa paggamit ng Wikang Filipino sa serbisyo publiko sa mga tanggapang pansangay, pandistrito, at pampaaralan ng DepEd Rehiyon V.



Rawis, Lungsod Legazpi
0917 178 1288
region5@deped.gov.ph

## III. SAKLAW

Ang Gabay na ito ay naglalayong maitaguyod at maisakatuparan nang maayos ang bawat alituntunin at patakaran para sa mga kawani at opisyal ng bawat tanggapang pansangay, pandistrito, at pampaaralan ng rehiyon sa pagpapatupad at pagpapaigting ng implementasyon ng Atas Tagapagpaganap Blg. 335 ng DepEd Rehiyon V. Saklaw din nito ang pamamaraan ng pagpapatupad hanggang pagsubaybay ng gawain.

## III. KATUTURAN NGTALAKAY

Para sa patnubay ng lahat, ang sumusunod na salita ay binigyang-katuturan batay sa konteksto ng programang ito:

**1. Atas Tagapagpaganap Blg. 335.** Ito ay nag-aatas sa lahat ng mga kagawaran/kawanihan/opisina/ahensiya/instrumentaliti ng Pamahalaan na magsagawa ng mga hakbang na kailangan para sa layuning magamit ang wikang Filipino sa opisyal na transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya. Nilagdaan ito ng dating Pangulong Corazon C. Aquino noong Agosto 25, 1988.

**2. Gabay ng Mamamayan.** Itinatakda ng Seksiyon 6 ng Republic Act (RA) 11032 na kilala rin sa tawag na Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery (EODB-EGSD) Act of 2018 *na: lahat ng mga ahensiya ng pamahalaan ay dapat na mag-set up ng kani-kanilang kasalukuyan at pinakabagong pamantayan ng serbisyo na mas kilala sa tawag na Citizen's Charter o Gabay ng Mamamayan sa anyong billboard ng impormasyon, na ipapaskil sa lugar na hayag, sa kani-kaniyang websites at sa porma ng limbag na materyal gaya ng handbook na nakasulat sa English o Filipino, o sa lokal na diyalekto.* ***Ang kalakip na salin sa Filipino ng Gabay ng Mamamayan ay para lamang sa gamit ng buong DepEd Rehiyon V at mapapawalang-bisa sakaling maglabas ng opisyal na salin ng Gabay ng Mamayan ang Tanggapang Sentral ng Kagawaran ng Edukasyon.***

**3. Korespondensiya Opisyal (KO).** Tumutukoy ito sa mga liham, Memorandum, endoso, pormularyo o form, kapasiyahan o resolusyon, at lahat ng mga tinatanggap o ipinapadalang komunikasyon na may kaugnayan sa isang ahensiya o opisina.

**4. Lupon sa Wikang Filipino (LWF).** Ang pangkat ng kawani ng ahensiya ng pamahalaan na binuo at itinalaga upang isakatuparan ang **plano ng mga gawain** o proyekto hinggil sa pagtataguyod ng paggamit ng Filipino sa mga transaksiyon at korespondensiya; pakikipag-ugnayan sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF); at pangunguna sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, serye 1997.



Rawis, Lungsod Legazpi
0917 178 1288
region5@deped.gov.ph

**5. Lupon sa Pagsasalin (LSP).** Ang pangkat ng mga Tagamasid sa Filipino o mga kawani na binuo at inatasan na manguna sa pagsasalin ng mga mahahalagang dokumento tulad ng pagsasalin sa Citizen's Charter o Gabay ng Mamamayan at iba pang katulad nito, sa pakikipag-ugnayan sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) para sa kinakailangang tulong-teknikal.

**6. Pagsasalin.** Ang pagsasalin ay bilang batayang serbisyo lamang at tuon sa pagsasalin sa Filipino ng mga pormularyo, karatula at katulad na dokumento na ginagamit sa tanggapan kaugnay sa pagpapaigting ng implementasyon ng Atas Tagapagpaganap Blg. 335.

**7. Wikang Filipino.** Ito ang pambansang wika ng Pilipinas na nakalahad sa Konstitusyon ng 1987. Nakasaad sa Artikulo XIV Seksiyon 6 na "ang pambansang wika ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika. Alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.

## IV. PAMAMARAAN

### A. Pagpapatupad

Ang pagpapaigting sa pagpapapatupad ng Atas Tagapagpaganap Blg. 335 sa lahat ng mga tanggapang pansangay ng mga paaralan sa Rehiyon V ay sisimulan ngayong taong 2022.

Sa pamamagitan nito ay gagamitin ang wikang Filipino sa opisyal na transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya sa mga opisina ng pamahalaan, angkop sa pangangailangan. Ito ay magbibigay-daan upang lalong maunawaan at mapahalagahan ng mga kliyente ang mga programa, proyekto at mga gawain ng rehiyon.

Ang pagpapatupad ay hindi limitado sa mga publikong paaralan lamang. Ang mga nasa pribadong paaralan ay maaaring makipag-ugnayan sa mga tanggapang pansangay hinggil sa programang ito.

### B. Pagpapalawak

Sa programang ito isasakatuparan ang mga planong gawain na sama-samang binalangkas ng Lupon sa Wikang Filipino sa rehiyon, sangay at maging sa paaralan na may tiyak na layuning bumuo at magsagawa ng programa at mga proyektong sumasaklaw sa:



Rawis, Lungsod Legazpi
0917 178 1288
region5@deped.gov.ph

1) pagsasalin sa Filipino ng mga katawagang pampamahalaan; korespondensiya; paskil; alituntunin at mekanismo ng opisina;
2) pagsasanay ng lahat ng mga kawani at opisyal sa EO 335, pagsasalin at ortograpiyang pambansa;
3) paggamit ng Filipino bilang wika ng serbisyo publiko sa mga social media account, transaksiyon, korespondensiya, at iba pang ugnayan at serbisyo publiko;
4) pagsubaybay ng implementasyon ng Atas Tagapagpaganap Blg 335;
5) pagsasagawa ng iba pang mga estratehiya para sa pagpapaigting ng implementasyon ng mga layunin at Atas na ito; at
6) pagsasagawa ng iba pang gawaing pangwika at o pagpapaunlad ng paggamit ng wikang Filipino bilang serbisyo publiko.

**C. Pagsubaybay**

Ang mga tagamasid pansangay, pandistrito, at mga opisyal pampangasiwaan ang susubaybay sa pagpapaigting ng pagpapatupad ng Atas Tagapagpaganap Bilang 335.

Ang pagbibigay ng ulat sa mga isyu at alalahanin kaugnay nito ay ipapaabot sa DepEd Rehiyon V sa pamamagitan ng mga pansangay na tagapag-ugnay ng programa. Ito ang magiging batayan para sa pagpapabuti ng programa.

**D. Pagkilala**

Bibigyan ng pagkilala ang mga tanggapan ng sangay paaralan, distrito, sentro ng linangan, at paaralan na nagpamalas nang kahusayan sa implementasyon ng paggamit ng wikang Filipino sa serbisyo publiko.

## V. Oryentasyon at Pagsasanay

Ang DepEd Rehiyon V ang mangunguna sa pagsasagawa ng pagsasanay o pagbibigay ng oryentasyon sa lahat ng kasangkot sa pagpapatupad ng Atas Tagapagpaganap 335. Inaasahan na magkakaroon ng pansangay, pandistrito, at pampaaralang pagsasanay sa Korespondensiya Opisyal.

Layunin ng pagsasanay na maihanda ang mga tanggapan ng sangay, distrito at paaralan sa pagpapamalas ng kahusayan sa paggamit ng Filipino bilang wika ng serbisyo publiko. Tuon nito ang paggamit ng Filipino sa limbag, paskil at social media platforms ng mga ahensiya/lokal na yunit ng pamahalaan.



Rawis, Lungsod Legazpi
0917 178 1288
region5@deped.gov.ph

## VII. BISA

Ang Gabay ay magkakaroon ng bisa sa oras na ito ay mapagtibay.

## VI. SANGGUNIAN

*Atas Tagapagpaganap Blg. 335.* Nag-Aatas sa Lahat ng mga Kagawaran/Kawanihan/Opisina/Ahensiya/Instrumentality ng Pamahalaan na Magsagawa ng mga Hakbang na Kailangan para sa Layuning Magamit ang Filipino sa Opisyal na Transaksiyon, Komunikasyon, at Korespondensiya. August 25, 1988.

*Belvez, Paz M. (n.d) Development of Filipino, The national language of the Philippines*. The National Commission for Culture and the Arts. Retrieved on October 17, 2022 at https://ncca.gov.ph/about-ncca-3/subcommissions/subcommission-on-cultural-disseminationscd /language-and-translation/development-of-filipino-the-national-language-of-the-philippines/#:~:
text=FILIPINO%2C%20the%20national%20language%20of%20the%20Philippines%20was%20finally%20settled,existing%20Philippine%20and%20other%20languages.

*Department of Education*. https://www.deped.gov.ph/about-deped/citizenscharter/

*Komisyon sa Wikang Filipino.* https://kwf.gov.ph/wp-content/uploads/Paghahanda_ng_KO.pdf

*Republic Act (RA) 11032* otherwise known as *the* Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery (EODB-EGSD) Act of 2018. Signed May 28, 2018 by President Rodrigo R. Duterte.



Rawis, Lungsod Legazpi
0917 178 1288
region5@deped.gov.ph